**Paggabay sa Pag-aplay sa mga Slots na Tanging Nilaan**
**para sa mga Dayuhang Mag-aaral sa Taong 2026**

**Hyogo Prefectural Kakogawa Minami Senior High School**
65-1 Tomosawa, Kakogawacho, Kakogawa 675-0035
TEL 079 - 421 - 2373, FAX: 079 - 421 - 2376

## 1. Bilang ng Tatanggaping Mag-aaral: Tatlong Mag-aaral

sa Pang-araw na Komprehensibong Kurso (Full-Time Comprehensive course)
(Ang bilang ng tatanggaping mag-aaral dito ay bukod pa sa bilang ng mga mag-aaral na tatanggapin sa pangkaraniwang pagpili ng mga mag-aaral)

## 2. Lugar ng Paaralan: Buong Prepektura ng Hyogo (Hyogo Prefecture)

## 3. Mga Kinakailangang Katangian para sa Aplikasyon

Ang maaaring mag-aplay sa mga slots na tanging nilaan para sa mga dayuhang mag-aaral ay mga mag-aaral na tumutupad sa lahat ng sumusunod na (1)-(3).

(1) Mga mag-aaral na may nasyunalidad ng ibang bansa at sa araw ng Marso 31, 2026 ay tatlong taon o mas maikli ang panahon ng pagtira sa bansang Hapon.
(2) Mga mag-aaral na magtatapos ng Junior High School sa Marso, 2026 o mga mag-aaral na nakatakda sa Artikulo 57 ng Batas ng Edukasyon ng Paaralan (School Education Law) o nakatakda sa Artikulo 95 ng kautusan ng pagpapatupad ng Batas ng Edukasyon ng Paaralan. (Mga mag-aaral na nagtapos o magtatapos sa Marso, 2026 ng 9 na taon na kurso sa edukasyon sa paaralan sa ibang bansa.)
(3) Mga mag-aaral na naninirahan sa loob ng prepektura at magpapatuloy manirahan sa loob ng prepektura kasama ang tagapag-alaga, o mga mag-aaral na lilipat sa loob ng prepektura bago o sa araw ng Abril 7, 2026 at magpapatuloy manirahan sa loob ng prepektura kasama ang tagapag-alaga.

## 4. Ukol sa Aplikasyon

(1) Pagsisimula ng paggawa ng My Page ng aplikante: Mula 16:00 ng Disyembre 15 (Lunes), 2025
(2) Huling panahon ng pagtanggap ng punong guro ng junior high school:
Hanggang alas 12:00 ng tanghali ng Pebrero 5 (Huwebes), 2026
(3) Huling panahon ng pagtanggap ng punong guro ng junior high school ukol sa pagbabago ng pag-aplay:
Hanggang alas 12:00 ng tanghali ng Pebrero 9 (Lunes), 2026

※Ang aplikante ay kailangang magpatala ng pag-aplay at magbayad para sa eksamen bago matapos ang panahon ng pagtanggap ng punong guro ng junior high school.
※Ang aplikante ay kailangang magpatuloy ng pamamaraan ng aplikasyon nang maaga.

## 5. Pamamaraan ng Aplikasyon sa Sistema

(1) Ang mga pamamaraan na kailangang gawin ng aplikante ay sumusunod.
① Ang aplikante ay maaaring mag-scan ng 2D code ng “gabay ng access” ukol sa pag-aplay sa internet mula sa Disyembre 15, 2025 kaya mag-access lamang sa sistema para sa pag-aply sa internet (na tinawag “sistema” mula rito) at magpatala lamang ng account ng aplikante.
※Kung ang aplikante ay nakatira sa ibang prepektura o sa ibang bansa, tiyak nang sumangguni muna lamang sa School Affairs Office ng Board of Education ng Prepektura ng Hyogo bago magpatala ng account ng aplikante. Pagkatapos ay magpatuloy lamang ng sumusunod na mga pamamaraan mula ②.
② Ang aplikante ay kailangang magpatala ng impormasyon ng pag-aplay sa sistema.
③ Ang aplikante ay kailangang magbayad para sa eksamen (2,200 yen) na nakasulat sa Section 2007 ng “Patnubay para sa Pagpili ng Mga Papasok na Mag-aaral” upang maipatuloy ang pamamaraan ng pagtanggap ng punong guro ng junior high school.
④ Kapag naiprint na ang ID para sa eksamen, ang aplikante ay kailangang mag-print ng copy nito na may laking A4 (plain paper) at dalhin sa araw ng eksamen.
⑤ Ang aplikante ay kailangang tumingin ng resulta ng eksamen sa my page.
※Sumangguni lamang sa manual na nasa website para sa pag-aply sa internet ukol sa pamamaraan ng paggamit ng sistema. (https://www2.hyogo-c.ed.jp/hpe/koko/nyuushi/shutsugan).

(2) Ang mga pamamaraan na kailangang gawin ng junior high school at iba pa ay sumusunod.
① Ang junior high school ay kailangang magpatunay na walang kakulangan sa impormasyon ng pag-aplay, pagbabayad para sa eksamen at iba pa ng aplikante.
② Ang junior high school ay kailangang maglagay sa sistema ng impormasyon ng Ulat ng Katayuang Pang-akademiya (School Report, *chosasho*) at iba pa.
③ Ang junior high school ay kailangang mag-attach sa sistema ng iba pang mga dokumento na kinakailangan ng senior high school.
④ Ang punong guro ng junior high school ay kailangang tumanggap ng lahat ng impormasyon na kinakailangan sa pag-aplay bago alas 12 ng tanghali ng Pebrero 5 (Huwebes), huling panahon ng pagtanggap ng punong guro ng junior high school, na nakasulat sa Section 1016 ng “Patnubay para sa Pagpili ng Mga Papasok na Mag-aaral”.

[Mga Dokumentong Kailangang I-attach]
- Kahilingan na Mag-aplay sa Mga Slots na Tanging Nilaan para sa Mga Dayuhang Mag-aaral (Form 7)
- Dokumentong nagpapatunay na ang mag-aaral ay may nasyunalidad ng ibang bansa at dokumentong nagpapatunay na ang panahon ng pagtira sa bansang Hapon (sa araw ng Marso 31, 2026) ay tatlong taon o mas maikli (Kopya ng katibayan ng rehistro ng paninirahan (certificate of residence, *jumin hyo*) at kopya ng kasulatan na nagpapatunay ng petsa ng pagpasok sa bansang Hapon, at iba pa)
- Kung ang tagapag-alaga (3) ng Mga Kinakailangang Katangian para sa Aplikasyon ay taga-pangalaga ng menor-de-edad na mag-aaral, magpasa ng dokumento na nagpapatunay sa punong guro ng junior high school (anumang form)
- Dokumento para sa Panayam (Interview) (Ang aplikante mismo ang kailangang sumulat nito.)
- Iba pang mga dokumentong kakailanganin ng punong guro ng senior high school na kanilang aaplayan.

## 6. Mga Kailangang Bigyang Pansin sa Pag-aplay

(1) Ang aplikante ay hindi maaaring mag-aplay pagkatapos ng huling araw ng pagtanggap ng punong guro ng junior high school. Hindi rin mababago ng aplikante ang impormasyon at iba pa ukol sa pagtanggap ng aplikasyon ng junior high school.

(2) Ang type ng file ng dokumento at iba pa na i-aattach ng punong guro ng junior high school sa sistema ay dapat isa sa mga jpg, jpeg, png, xlsx, docx, pdf.

(3) Ang mga titik na naipapakita sa sistema lamang ang magagamit sa pangalan at iba pa. Kung ang titik ay hindi naipapakita sa sistema, kailangang gawin at i-attach ng punong guro ng junior high school ang Pahayag ukol sa tamang titik ng Pagsulat (Form 8)nito.

## 7. Pagbabago ng Pag-aplay

Ang aplikante ay maaaring magbago o magpalit ng unang aaplayang paaralan nang isang beses lamang sa loob ng panahon ng pagtanggap ng punong guro ng junior high school ukol sa pagbabago ng pag-aplay. Ang mga pamamaraan para dito ay tulad ng nakasulat sa ibaba.

(1) Ang huling panahon ng pagtanggap ng punong guro ng junior high school ukol sa pagbabago ng pag-aplay ay alas 12 ng tanghali ng Pebrero 9 (Lunes), 2026.

(2) Ang mga aplikanteng magbabago ng aaplayang paaralan ay kailangang mag-aplay sa sistema. Pagkatapos ay titiyakin ng punong guro ng junior high school ang impormasyon ng pagbabago ng pag-aplay at tatanggapin niya ang pagbabago ng pag-aplay. Kapag tinanggap ng inaplayang senior high school ang pagbabago ng pag-aplay at tinanggap din iyan ng aaplayang senior high school, saka pa lang mababago ang pag-aplay.

(3) Kung ang aplikanteng nag-aplay sa prefectural senior high school ay magbabago ng aaplayang paaralan sa municipal senior high school, kailangang magbayad ulit para entrance exam. Hindi na isasauli ang bayad para naunang piniling pageeksaman.

## 8. Panayam (Interview) at Eksamen

(1) Petsa ng Eksamen: Pebrero 16 (Lunes), 2026
(2) Lugar ng Eksamen: Piniling Paaralan
(3) Talaan ng Eksamen

| Pagtitipon | Paliwanag | Eksamen I (Wikang Hapon) | Eksamen II (Math) | Eksamen III (Ingles) | Tanghalian | Panayam (Interview) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 8:20 | 8:30 ～ 8:40 | 9:00 ～ 9:40 | 10:00 ～ 10:40 | 11:00 ～ 11:40 | | 12:30 ～ |

*Sa eksamen I (Wikang Hapon) sisiyasatin ang basic na kakayahan sa wikang Hapon. Sa eksamen II at III sisiyasatin ang basic na kakayahan sa pag-aaral tulad ng kaalaman, kasanayan at kakayahan ng pag-iisip o pagpapasiya upang gamitin ang kaalaman at kasanayan base sa Curriculum Guideline ng Junior High School. Lalagyan ng hiragana ang mga *kanji* sa mga tanong sa eksamen.

*Ang panayam (interview) ay isasagawa nang isa-isa sa bawat aplikante, sa Wikang Hapon.

(4) Mga Kailangang Ingatan

① Kailangang magtipon sa gym ng paaralang ito bago dumating ang 8:20 sa araw ng eksamen. Dalhin lamang ang baong pagkain (tanghalian), water bottle, sapatos panloob (tsinelas at iba pa) at supot upang ilagay ang sapatos panlabas.

② Ang maaaring dalhin sa lugar ng eksamen ay ID para sa eksamen, pansulat (lapis o mechanical pencil at pambura), ruler, compass at relo.

Ang mga bagay na nakasulat sa ibaba ay bawal dalhin sa lugar ng eksamen.
(a) Panapin (shitajiki)
(b) Lalagyan ng pansulat (pen case)
(c) Triangle ruler, protractor
(d) Calculator (kasama ang calculator na may orasan)
(e) Ruler na may protractor, calculator at iba pa
(f) Relo at iba pa na may calculator, diksyunaryo at iba pa
(g) Cell phone at smart phone

(h) Tablet, wearable device at iba pa
(i) Iba pang mga bagay na di-kailangan sa eksamen

③ Ang aplikanteng nahuli nang hanggang 10 minuto sa simula ng bawa't eksamen ay maaaring kumuha ng eksamen ngunit hindi pahahabain ang oras ng eksamen.

④ Hindi maaaring lumabas sa gusali ng paaralan sa oras ng lunch at breaktime.

## 9. Pagpapahayag ng Mga Nakapasang Aplikante

(1) Pagpapahayag ng Mga Nakapasang Aplikante: Pebrero 20 (Biyernes), 2026, 14:00 ~
Ang mga kumuha ng eksamen ay kailangang mag-login sa sistema at tumingin ng resulta sa my page. Hindi sasagutin ang mga tanong ukol sa resulta ng eksamen gamit ang telepono.

(2) Pagtanggap ng mga Dokumento
Ang mga nakapasang aplikante ay kailangang magpakita ng ID para sa eksamen upang tanggapin ang mga dokumento bago mag-15:00 ng araw ng pagpapahayag ng mga nakapasang aplikante at tiyakin ang nilalaman na nakasulat doon.

(3) Paliwanag para sa Mga Nakapasang Aplikante
Ang mga nakapasang aplikante ay kailangang magtipon sa gym ng paaralang ito kasama ang kanilang mga tagapag-alaga bago 13:30 sa Marso 23 (Lunes), 2026.

## 10. Pamamaraan ukol sa Aplikasyon sa Internet

Kung may nais itanong ukol sa paraan ng paggamit ng sistema at iba pa, sumangguni lamang sa nakasulat sa ibaba.

Maaaring magtanong mula sa Disyembre 15 (Lunes), 2025 hanggang sa Marso 31, 2026.

(1) Call center (Help desk) TEL: 043-400-3425 (9:00 ~ 17:00 sa karaniwang araw)

(2) Porma para sa pagtatanong (24 oras)
Mag-login lamang sa sistema, mag-access sa link galing menu at ilagay lamang ang nais itanong.

## 11. Iba pa

(1) Ang mga nakapasang aplikante ay hindi na maaaring mag-aplay sa mga pampublikong Senior High School sa loob ng prepektura.

(2) May pagsangguni para sa pagpasok sa mga nakapasang aplikante pagkatapos ng pagpapahayag ng mga nakapasang aplikante. Ipapaalam ang petsa at oras sa ibang araw.

(3) Kung ang hindi nakapasang aplikante ay mag-aaplay sa mga kursong gagawa ng eksamen at iba pa sa Marso 12 (Huwebes), 2026, kailangang mag-aplay muli batay sa Section 12107 ng “Patnubay para sa Pagpili ng Mga Papasok na Mag-aaral”.

(4) Ang mga nais mag-aplay sa paaralang ito para sa mga slots na tanging nilaan para sa mga dayuhang mag-aaral ay sumangguni lamang sa pinapasukang junior high school at iba pa bago mag-aplay.
[Tagapag-asikaso sa nauunang pagsangguni]
Pangalawang Guro (Vice-Principal) ng paaralang ito, TEL: 079-421-2373